

Prologue



Nahahabag na pinagmasdan ni Audrey ang hipag na walong buwang buntis sa ika-anim nitong anak. “Magkano daw ang kakailanganin sa operasyon, Ate Marga?” tanong niya rito. Mugto ang mata nito sa kaiiyak habang hawak sa kamay ang asawang comatose, si Albert, na kaisa-isa niyang kapatid.

Ang Kuya Albert niya ang tumayong ama at ina niya mula nang maulila sila sa mga magulang. Ito na rin ang nagpaaral sa kanya hanggang sa makapagtapos siya sa kolehiyo.

“Ang sabi ng doktor kanina, maghanda raw tayo ng seventy-five to one hundred thousand pesos. Diyos ko, Audrey, saan tayo kukuha ng ganoon kalaking halaga?”

Hindi rin niya alam ang sagot sa tanong nito kaya pinili na lamang niyang manahimik. Nakatulala niyang pinagmasdan ang nakaratay na kapatid. Kung hindi ito makaka-survive, paano na ang asawa at anim nitong anak? At ang mas masakit, dadalawa na nga silang magkapatid iiwan pa siya nito.

Dalawang araw pa lang ito sa hospital matapos ang aksidente pero pumalo na sa twenty-five

thousand ang bill nila. Naipangutang na ito ni Audrey. Sinong Bumbay ang willing magpautang ng halagang isang daang libong piso? At kung may magpapautang man, paano niya ito mababayaran?

Maliit lang ang novelty store niya na nakapuwesto sa harap ng bahay nila na malapit sa eskuwelahan. School supplies ang karamihan sa laman niyon. Kung susumahin ang mapagbebentahan ng lahat ng laman niyon ay baka ni hindi umabot sa sitenya y cinco mil.

“Ate, huwag kang mag-alala. Gagawa ako ng paraan...”

Kanina, bago siya pumunta rito sa hospital ay may nadaanan siyang nagdidikit ng advertisement sa poste. Kinuha niya ang contact number. Part-time job lang ang nakalagay roon pero makakatulong din sa pang-araw-araw na gastos nila. Ang panganay na pamangkin na lang muna ang patatauhin niya sa tindahan tatal ay bakasyon naman. High school na si Alfred at may tauhan din siyang sinusuwelduhan kaya may makakatulong naman ito sa tindahan.

Gagawin niya ang lahat maisalba lang ang buhay ng nag-iisa niyang kapatid. Lahat—mabuti man o masamang paraan.



Isang budding interior decoration firm ang nag-post ng ad. Kailangan nito ng seasonal workers

dahil maraming tanggag na projects. Sapat ang interior decorators ng firm subalit kulang ng mga tauhang aasiste sa mga ito para mapadali ang trabaho.

Ang project na tinanggap ni Audrey: may imi-make over na executive office. Yari na ang disenyo at nabili na rin ang mga materyales na gagamitin. Magiging assistant siya ng decorator.

“No sweat, Jelo. Tingnan mo, kayang-kaya kong akyatin ang ladder na ito,” nagmamalaki niyang sabi sa decorator. “Akin na ’yang electric drill para maikabit ko na itong hook na pagsasabitan ng kurtina.”

“Bumaba ka nga diyan, Audrey! Kababae mong tao.” Nagulat ito nang makita siyang nakaakyat na sa hagdan. “Hintayin na lang natin ’yung mga lalaking ipapadala ng opisina.”

“Bakit, ikaw ba hindi lalaki?” biro niya sa bading na decorator. Naisip niyang kung matatapos nila kaagad ang proyektong ito ay bibigyan sila kaagad ng panibago. Additional income na naman iyon.

“Sige, okayin mo pa ’ko, wala ka nang next project.” Iningusan siya nito. “Woman-in-need din naman ang peg mo, ’Te. Apuradong tapusin ang project.”

Nagmamadali siyang bumaba ng hagdan para lambingin ito. “Joke lang, Girl. Alam mo namang

insecure lang ako sa kagandahan mo, di ba?”

Maarteng iniipit ni Jelo sa tainga ang imaginary long hair nito. “Yeah, I knew it from the start. Tingnan mo, mas malaki pa ang dede ko sa ’yo.” He cupped his implanted breasts.

“Ay, hiyang-hiya naman ako.” Pinagkrus ni Audrey ang mga braso para takpan ang dibdib niyang may kaliitan pero hindi naman sobra. “Daanin na lang natin sa waist curve at hips,” hamon niya.

Pinagtawanan lang siya ng bading na may suot na buttocks enhancer. Hindi sila aware na kanina pa may nakamasid sa kanila.

“Hmp! You’re not a challenging competitor,” maarteng saad nito. “Diyan ka na nga muna. Baba lang me sa ground floor, ha, behave ka here. At utang na loob, huwag mong aakyatin ’yan!”

Umalis na ito para hintayin ang *reinforcement* galing sa opisina. Habang walang magawa ay tinawagan ni Audrey ang hipag para kumustahin ang lagay ng kapatid.

Sinabi raw ng doktor na kailangan nang maoperahan ang Kuya Albert niya sa lalong madaling panahon. Tatlong araw ang ibinigay sa kanilang palugit. Kahit pa tapusin niya nang magdamag ang proyektong ito, na imposibleng mangyari, ay kulang pa rin ang ibabayad sa kanya.

Naiisip na nga niyang ibenta ang sariling

katawan. Seryoso siya roon. Pero kung saan at kanino ay hindi niya alam. Ayon sa kapit-bahay nilang kalapating mababa ang lipad, sa hirap daw ng buhay ngayon ay apektado rin ang negosyo nito. Jackpot na raw na maituturing ang limang libo isang gabi.

Kinilabutan siya nang makuwenta na baka abutin nang mahigit dalawampung kliyente ang magpapasasa sa kanya bago makaipon.

Sinabunutan niya ang sarili para mamasahang nananakit na ulo at pagkatapos ay nagpasyang lumabas para malibang siya. Malapit na niyang iuntog ang ulo sa pader. Kung may kakilala lang sana si Audrey na nasa escort service...

Dahil wala sa sarili, muntik pa niyang mabunggo ang guwapong may-ari ng opisina, si Jacob Monteverde. Sa waiting area sa labas siya naghintay, malapit sa cubicle ng secretary nitong si Sonia.

Mayamaya ay dumating ang kasintahan ni Jacob, si Cassie. Palagi roon ang mabait na socialite kaya natatandaan niya ang hitsura nito.

“Hi, Sonia,” malambing na sabi ni Cassie sa sekretarya. “Favor naman, pakitawagan naman iyong nasa calling card na ’to. I need a professional escort for Jacob.”

Malakas at maliwanag niyang narinig ang sinabi nito.

Escort? Escort ba talaga?

“Ibang klase ka, Ma’am Cassie. Ikaw pa talaga ang hahanap ng makakalampungan ni Sir Jacob. Mamaya niyan agawan ka ng boyfriend,” naiiling na sagot ni Sonia.

“Kaya nga sabi ko, di ba, professional escort? Kailangan naming magkalinawan na off-limits siya sa boyfriend ko. Wala akong magagawa sa bagay na ito, business, eh. Kapag nakontak mo, give her my contact numbers. Not Jacob’s.” Iniabot ni Cassie ang tarheta kay Sonia bago binaybay ang pasilyo patungo sa opisina ng nobyo. “One more thing, Sonia, make sure na masabi mo sa makakausap mo na dapat walang STD ang ipapadala nilang escort, ha. Knowing Jacob, baka matukso ’yon. Better be safe than sorry... at kailangan din may passport.”

Bago pa man mai-dial ni Sonia ang numero, agad na niya itong nilapitan.

“May *kakilala* akong escort, Sonia. Sure na sure walang sakit. At saka ikakasal na ’yon kaya siguradong hindi aagawan si Ma’am Cassie. Naaksidente lang ang kapatid kaya nangangailangan ng malaking halaga...” Alam ni Audrey na ang sarili ang ibinebenta niya.

Saka ko na tutubusin sa kasalanan ang kaluluwa ko. Ang mahalaga maka-survive si Kuya para sa mga pamangkin ko.

“Sure ka diyan, ha. We love Ma’am Cassie, ayaw

naming umiyak 'yon. 'Tsaka si Sir, kahit strict 'yon, we care about him." Ibinaba nito ang tarheta ng taong tatawagan sana at binigyan siya ng business card ni Cassie. "Ikaw na ang bahalang tumawag kay Ma'am."

"Thanks. Magkano ang sasabihin kong talent fee? Mga around fifty thousand?" Wala siyang ideya sa bayaran, pero kailangan niyang ilapit ang presyo sa halagang *kailangan* nila.

"Doblehin mo na para maka-komisyon ka pa," pilyang tugon ni Sonia sabay hagikgik.

"One hundred thousand?" Nanlaki ang mga mata ni Audrey sa gulat.

"Puwede. 'Yon ngang laos na starlet na nag-escort sa pinsan ni Sir last month, kapal ng mukha. Two hundred kiyaw ang hinuthot. Basta tiyakin mo lang na presentable ang kakilala mo na 'yan."



Chapter One



“Xandie, Bunso! Ilang araw na lang aalis na si Tito. Good girl ka dapat, ha?” Nilalaro ng Kuya Albert ni Audrey ang anak niyang dalawang buwang gulang pa lamang.

Nakahiga ang baby sa crib at nakapaikot naman sila rito. She was on her twenty-eighth week of pregnancy when she delivered Xandie into this world.

Nakaligtas sa tiyak na kamatayan ang kanyang Kuya Albert. Bumuti ang lagay nito pagkatapos ng operasyon. Katunayan ay pabalik na uli ito sa ibang bansa para magtrabaho.

“Nakikita ka na ni Baby, Papa?” tanong ni Martin, isa pa niyang pamangkin.

“Palagay ko. Pero hindi pa ako niyan matatandaan. Mabuti pa itong si Ivan.” Kinuha ng Kuya Albert niya mula sa asawang si Marga ang bunsong anak. “Ivan, huwag mong aawayin si Xandie, ha.” Tumango naman ang bata na animo ay naintindihan ang sinabi ng ama. “Kayong apat, malalaki na kayo,” anito sa sa mga anak na nakapaikot sa crib. Si Alfred na panganay ay pansamantalang bantay sa tindahan. “Tutulong kayo sa mama n’yo at Tita Audrey. Alam n’yo

namang alagain pa itong sina Ivan at Xandie.”

“Opo, Papa,” sagot ng mga bata.

“Nga pala, Pa, nakita ko sa kanto si Tito Arnel kahapon sabi niya—”

“Walang karapatang pumasok sa pamamahay na ito ang hayop na ’yon!” Agad uminit ang ulo ng kapatid pagkabanggit sa pangalan ng kanyang dating nobyo. “Oy, Audrey, huwag na huwag ka nang pauuto sa lalaking ’yon. Kayong lahat pinagbibilinan ko na ibalita ninyo sa akin kapag nakipagmabutihan pa ang Tita Audrey ninyo doon sa isang ’yon.”

Hindi naman niya masisi ang kapatid kung bakit ganoon na lang ang galit nito kay Arnel. Tinalikuran kasi siya at pinagkaitan ng tulong ng dating nobyo noong lubha niyang kailangan ng karamay at masasandalan.

“Si Kuya talaga, OA,” natatawa niyang lambing dito. “Hindi makikipagbalikan ’yon. Takot lang n’un umako ng obligasyon. Mabigat na responsibilidad si Xandie.”

“Oo nga naman, Albert,” segunda ni Marga. “Malay mo naman kung na-realize na niya ang pagkakamali niya at gusto lang humingi ng tawad sa nagawang kasalanan. Balikan agad?”

“Hindi na pinapatawad ’yung mga ganoong tipo ng tao—”

“Albert,” saway ni Marga. “Naririnig ka ng

mga bata. Baka matanim sa isip nila na mahirap magpatawad. Isipin mo na lang na may rason kung bakit nangyayari ang mga bagay-bagay. Simulan natin sa pagkakaaksidente mo, dahil diyan mas lalo tayong naging matatag bilang isang pamilya...”

*Ah, isa sa mga pinakagargas na kasabihan:
Everything happens for a reason.*

Sang-ayon si Audrey sa sinabi ng hipag. At bilang karagdagan, kung hindi naaksidente si Albert ay hindi niya makikita ang nakatagong buktot na ugali ni Arnel. Ang akala niya ay napakasuwerte na niyang babae dahil siya ang napiling mahalina ng isang tulad nito—walang bisyo, may trabaho, malambing, faithful at mabait—pero mga katangiang panlabas lamang pala. Sa isang iglap ay natabunan ang lahat ng magagandang puntos nito ng kanyang galit at sama ng loob.

“...at saka hindi ka ba masaya?” tanong ni Marga sa asawa. “Nagkaroon tayo ng isang munting prinsesa. Di ba, Xandie? Pa-kiss nga si Tita Marga, Bebe ko.” Dinukwang nito ang bata para gawaran ng halik sa noo.

“Ma, ako rin. Ki-kiss din kay Baby,” ungot ng mga pamangkin niya.

“Hay, magsitigil nga kayo. Magsasawa din kayo ng kahahalik at kakaalaga kay Xandie kapag lumakas na ’yan. Pero sa ngayon, hayaan n’yo munang kami ng Tita Audrey ninyo ang kumikilik

sa kanya,” sagot ni Marga.

Napakasuwerte naman ng anak ko, princess of the family. Kahit walang tatay, mahal na mahal naman siya ni Kuya. At saka mahal na mahal din siya ng mga pinsan.

Hindi siya nagsisising ipinagpatuloy niya ang pagbubuntis. So far, si Xandie ang pinakamalaking blessing na natanggap niya. Ang akala ni Audrey ay flowery language lang ang sinasabi nilang *napakasarap maging ina*. Pero understatement pala iyon dahil wala siyang maisip na adjective para ilarawan o sukatin ang kaligayahang naramdaman nang makita sa kauna-unahang pagkakataon ang kanyang munting anghel. Sulit lahat ng physical at emotional pain na pinagdaanan niya.

“Ayan, nagising na tuloy ang prinsesa. Ang iingay kasi. Manood na nga lang kayo ng TV sa salas.” Itinaboy ng hipag niya ang mga anak. Binuhat nito at kinalong ang umiingit na si Xandie. “Sayang, Audrey, kutis lang at hugis ng bibig ang nakuha sa ’yo ng anak mo,” sabi nito.

“Oo nga, eh,” sang-ayon niya. Naupo siya sa tabi nito at marahang hinaplos ang pisngi ng bata. “Parang female version lang ng ama niya.”

“Bawi na lang tayo sa ugali. Dapat sa ’yo na magmana.”

“Sana,” nakangiti niyang sagot. “Napapansin mo ba kung paano ngumiti si Xandie, Ate Marga?”

“Ay, oo. Parang mataray ang batang ito paglaki. Mas madalas kong mahuling paraan ng pagngiti niya iyong... paano ba i-describe ’yon? Iyong parang sulok lang ng labi ang nangiti.”

Hindi lang pala siya ang nakakapansin niyon. Ganoon na ganoon kasi ngumiti ang ama ng bata. May bahagi ng puso niya ang tila kumirot sa alaalang naglalaro sa isip niya ngayon.

“Ganyan kasi ngumiti si...”

Naudlot ang sana’y sasabihin niya nang magsalita ang kapatid. Parang sinadya nitong sagkaan ang pagsasalita niya. Masyado itong seryoso.

“Audrey, ipangako mo sa akin na hinding-hindi ka na makikipagbalikan sa hayop na ’yon.”

“Kuya, hindi ka na naka-move on sa topic na ’yan. Ang dami na naming napag-usapan.” Nang makita kung gaano kaseryoso ang kapatid ay napilitan siyang mangako. “Okay, fine. Promise. Hindi na ako makikipagmabutihang muli kay Arnel.”

“Mabuti. Hindi ka liligaya sa piling ng lalaking ’yon. Kung iniisip mong kawawa si Xandie dahil lalaking walang ama, nagkakamali ka. Mas magiging kawawa iyan kapag lumaki sa piling ng taong napakakitid ng pag-iisip.”

Sinang-ayunan niya ang kapatid sa sinabi nito. Bago pa siya manganak ay nagbalak na ng

reconciliation si Arnel. Nakaluhod itong humingi ng tawad sa kanya. Pinatawad naman niya ito dahil ayaw niyang magtanim ng galit sa kapwa at baka masalin pa iyon sa anak niya. Pero hindi na tinanggap ni Audrey ang alok na kasal ng dati niyang nobyo.

“Sa kabilang banda, mabuti na ring hindi matino at naging buktot ang pag-iisip ni Arnel,” patuloy ng kuya niya. Ibinigay nito sa kanya si Ivan para kunin si Xandie mula sa asawa nito. Maingat nitong isinayaw ang bata. “Eh, di naging tatlo tuloy ang prinsesitas ko.” Dalawa lang ang babae sa anim nitong anak. Hindi na masusundan si Ivan dahil ligated na ang asawa.



“Jacob, malapit nang mag-isang taon itong interior design ng office mo. Wala ka pa bang balak ipabago? Dati-rati naman half year pa lang gusto mo na kaagad palitan.”

“I like it this way,” simpleng tugon niya kay Cassie. *Pero kung ang magbabago ng ayos nito ay ang dating nag-ayos, why not?*

Alam niyang malabo nang mangyari iyon. Personal niyang pinuntahan ang interior design firm na may hawak sa dalaga pero walang maibigay na impormasyon tungkol kay Audrey ang opisina. Ayon sa HR ay hindi na nila hinihingan ng requirements, maliban sa biodata, ang mga

seasonal workers. Sa kasamaang palad ay hindi rin mahagilap ng HR staff kung saan napunta ang biographical data na ipinasa ni Audrey.

Hinanap niya si Audrey pagkatapos niya itong maging lady escort sa loob nang mahigit isang linggo. Hindi para bigyan ng karagdagang incentive para sa *serbisyo* nito kundi para tulungan sa financial burden. Napag-alaman niya na hindi professional escort ang trabaho ni Aubrey. Kumapit lang sa patalim ang dalaga.

“Nakaka-bore nang tingnan itong minimalist design na ito, Jacob.” Palakad-lakad sa loob ng opisina si Cassie habang iniikot ng tingin ang kabuuan niyon. “Parang dance studio para sa ballet class. So bare.”

“Sino ba ang nag-decide na dapat ganito ang disenyo ng opisina ko?” natatawa niyang tugon sa komento nito.

“Ako. Ako rin ang pumili ng decorator.” Hinawi nito ang floor-to-ceiling curtain na tumatakip sa glass window. “Kung ayaw mong magpa-redesign, palitan na lang natin ang kulay ng kurtina. Can I make some color suggestions?”

“Go ahead.” Nagtanong pa ito gayong ito rin naman ang masusunod. “But please, tanggalin mo sa listahan ang lavender and pink.”

“Why? First on the list ko pa naman ’yon,” biro nito. “Try natin ang deep aqua blue or sea green.”

Napangiti si Jacob sa suhestiyon nito at may naalala. “Hmm... I remember something kapag nababanggit ang deep, blue at sea. Cassie, baka naman ang idea na naglalaro sa isip mo ngayon ay gawing katulad ng ship o captain’s cabin ang opisina ko? I thought you get seasick?” biro niya. Sukat sa sinabi ay namula ang mga pisngi ng dalaga.

“Jacob!” maktol nito. “Kapag nalaman ni Daddy ang tungkol doon, lagot ka sa akin.”

Cassie was his fiancée, his friend and confidante. May isang sikreto lang siyang hindi masabi rito: ang tungkol sa babaeng kinuha nito noon para maging escort niya: si Audrey. Para sa kanya, what happened between him and Audrey was too personal to disclose to anyone.

Siguro kasal na ngayon ang babae tulad ng naikuwento nito noon. Kapag nag-iisa siya rito sa loob ng opisina ay hindi niya maiwasang maalala si Audrey. Iyon ang dahilan kaya gusto niyang panatilihin ang ayos ng kanyang opisina. Dito niya unang nakita at nakilala ang babae wala pang isang taon ang nakakaraan.

“My lips are sealed, Cassandra,” aniya para mapanatag ang loob nito. “Sige na, bahala ka nang mag-isip ng ideas. Itutuloy ko lang itong pagreview sa mga project proposals.”

“Sure kang walang ibang makakaalam?”

Tinanguan niya ito at nag-sign ng cross-my-heart. “*Gracias!* By the way, Jacob, remember Audrey?”

Paano ko ba siya makakalimutan? Muling napaangat ang tingin niya mula sa dokumentong binabasa.

Kung unattached lang siya noon, kahit malapit nang ikasal ang dalaga, liligawan pa rin niya. Sabihin nang inagaw niya ito sa kung sino, wala siyang pakialam, ganoon katindi ang attraction na naramdaman ng binata, na hanggang ngayon ay nadarama pa rin niya.

He was definitely charmed by his enticing escort.

“What about her?” Kunwari ay hindi siya interesado.

“Nagkita kami sa hospital lobby last month. Nagpabakuna siya ng baby. I can’t believe it, Jacob, two months old na ang anak niya! Buntis na pala siya noong inaayos nila itong office mo? Grabe pa namang umakyat sa hagdan, walang takot. Mabuti hindi siya naaksidente. Ang isa pang hindi ko mapaniwalaan, she was so slim that time, paano nangyaring pregnant ’yon? Nakita mo naman ang katawan niya noon, di ba?”

“Huh?” Hindi niya maintindihan ang mga pinagsasabi nito. Natural, nakita niya at natatak sa isip niya ang magandang katawan ni Audrey. “May mga babae namang sadyang maliit magbuntis.

Mabuti pumayag ang nobyo niyang mag-escort pa siya noon?”

Maraming nag-aakala na masamang trabaho ang pagiging escort dahil sa reputasyong nagkakaroon ng sexual relation ang escort at ang social partner nito. Hindi naman lahat. Marami pa rin ang may naka-set na limitation kung hanggang saan ang scope ng pagiging escort. Iyon nga lang at may ilang escorts na walang perimeter na iginuhit kung hanggang saan lang ang dapat nilang ibigay na serbisyo kaya nagkaroon ng impresyon na high class prostitution ang trabahong iyon.

“Maybe hindi siya nagpaalam. Di ba, I told you, noon lang niya talaga ginawa iyon? Anyway, I’m happy for her. Mukha namang masaya siya at enjoy sa pagiging mommy ngayon. Itinatanong nga niya kung kasal na raw ba tayo. Ipinakita ko na lang ang ring finger ko as my answer.”

Si Cassie ang nagpasyang i-postpone muna ang kanilang kasal. Naka-set na ang lahat, petsa na lang ang hinihintay, pero determinado si Cassie na huwag munang ituloy dahil may gusto muna itong malinawan. Sinuportahan niya ang desisyon nito na umani ng batikos mula sa kani-kanilang pamilya na magkasosyo sa negosyo.

Na-engage sila nang hindi dumaan sa courtship. Arranged marriage naman talaga iyon. Gayunpaman ay minahal din naman nila ang isa’t

isa. *Somehow.*

“Ano kaya kung i-request kong siya uli ang ipadala n’ung interior design firm? What do you think, Jacob?”

“Hindi na siya connected doon,” wala sa loob na nasabi niya.

“Paano mo nalaman? Pumunta ka sa office nila?”

Nag-apuhap siya ng maisasagot. “Why would I? I just assumed that it’s the case. Nabanggit niya kasi sa akin na project-based lang ang contract niya. ”Tapos sinabi mo kanina na kapapanganak pa lang niya.” He shrugged.

“I see.” Dinampot na nito ang shoulder bag at nagpaalam. “Babalik ako mamayang lunchtime. Sabay tayo, ha? Hindi mo na kasi ako idini-date, eh.”

Pagkaalis ni Cassie ay nahulog siya sa malalim na pag-iisip. Dahil napag-usapan nila si Audrey, kusang nagbalik sa alaala niya ang nangyari noong makilala niya ang dalaga.



Chapter Two



Several months ago...

May naka-schedule na meeting si Jacob sa isang kliyente sa *Imperial Palace Hotel and Casino* ngayon pero dumaan muna siya sa kanyang opisina sa Makati. Kukunin niya sa sekretarya ang hard copy ng ipinahandang feasibility study na siya niyang ipanghihikayat sa potential investor.

“Sir, heto na ang FS.” Iniabot ni Sonia sa kanya ang folder na naglalaman ng nasabing papeles. “Kailangan n’yo rin ba ng kopya ng latest gross income ng kumpanya? Magpi-print lang ako,”

“Okay na ’to, Sonia. Thanks.” Tumalikod na siya para umalis. Hindi na siya papasok sa loob ng private office, tutuloy na siya sa hotel at doon maghihintay. Mabuti na iyon kaysa naman siya pa ang hintayin ng VIP investor.

“Sir, wait!” pigil sa kanya ng sekretarya. “Pinapasok ko na po sa office ninyo ’yung interior decorator. Gusto n’yo po munang ma-meet para makapagbigay kayo ng specific instructions?”

He was about to say “No” nang bumukas ang pinto ng opisina niya at lumabas ang isang babae. He watched the approaching figure with concealed appreciation.

Payat itong tingnan, papasang instructor ng ballet class. But there was something in the way she carried her slender figure. He liked how the fabric of her dress hugged her graceful curves.

“Ayan, tamang-tama,” ani Sonia nang makitang papalapit sa kanila ang babae. “Audrey! Halika, meet my boss in person.”

Nakangiti itong lumapit sa kanila at kiming bumati sa kanya. Napansin niyang mas maganda ito sa malapitan.

“Pleased to meet you, Sir...” tila pilit nitong inaapuhap sa isip ang pangalan ng kadaupang-palad.

“Jacob,” dugtong niya. “So, you’re the interior decorator?”

“Ay, hindi po. Assistant lang ako. Sandali, Sir, at tatawagin ko si Jelo.” Bahagya nitong hinila ang kamay na nakaligtaan na niyang bitawan.

Madaling makuha ang atensyon niya ng mga babaeng sabi nga ay may *Coca-Cola* body. Hindi ganoon ang katawan ni Audrey pero napukaw nito ang kanyang interes at imahinasyon. Sa tantya niya ay kayang-kaya niyang salikupin ng dalawang palad ang liit ng baywang nito.

“Later na lang. I’m in a hurry. Babalik naman ako dito pagkatapos ng meeting.” Ang orihinal niyang plano ay gumugol ng ilang oras sa casino pero ngayon ay nagbago na ang isip ni Jacob. Mas

gusto niyang bumalik na lang dito sa opisina at sa virtual casino na lang siya maglalaro ng poker sa kanyang laptop.

“Sir, ipapahakot ko na ba ’yung mga gamit ninyo papunta d’un sa vacant room?” tanong ni Sonia.

Kahapon ay nabanggit niyang pansamantala muna siyang lilipat sa bakanteng silid habang inaayos ang interior design ng kanyang opisina.

“Huwag na, Sonia. I changed my mind. Hindi naman major renovation ang gagawin. I’m sure hindi ako makakaistorbo sa kanila. Right, Audrey?” Tumango at ngumiti sa kanya ang dalaga, iyong tipo ng ngiti na iisipin mo kung ano ang ibig sabihin.

Was it just a casual smile? Women are all the same. Kanya-kanya lang sila ng paraan kung paano masisila ang mga kalalakihan. But I like your style, Audrey.

“Kayo po ang bahala, Sir.” Si Sonia uli. Umupo na ito sa likod ng mesa nito.

“I have to go. Nice meeting you, Audrey. See you around.” Muli niyang inilahad ang palad subalit alanganin na iyong inabot ng dalaga.

Firmly, he clasped her hand for the second time habang hindi inihihwalay ang tingin sa mga mata nito. He liked the feel of her small hand enclosed in his strong grip. Parang sadyang inihulma ang hugis

niyon sakto sa kanyang palad at may naramdaman siyang kakaibang init mula roon. Iyong init na hindi niya nararamdaman kapag si Cassie ang kahawak-kamay niya.

Patawarin siya ng langit sa di sinasadyang pagtataksil sa kasintahang si Cassie.

“Same here, Sir Jacob. Babalik na ako sa loob. Magpapaalam lang sana ako kay Sonia na makikigamit kami ng rest room doon. Puwede?” Sa pangalawang pagkakataon, marahan nitong hinila ang kamay na hawak niya.

“Walang problema. There’s a ladies’ room just outside this office. Napansin mo? You may also use it.”



Pinasadahan ni Audrey ng tingin ang sarili sa malaking salamin sa rest room. Suot niya ang tight fitting pedal pushers na bigay ni Jelo. Masyado iyong nakahakab sa kanya kaya tinernuhan na lang niya ng loose shirt para matakpan ang ibabang bahagi ng katawan. Siguradong kagagalitan siya ng kasamang bading kapag nakita nitong hindi ang provocative sando na katerno ng pedal ang isinuot niya.

“Magtatrabaho ako, hindi magdyi-gym,” katuwiran niya sa sarili.

Paano kasi, nang isukat niya kagabi ang damit na bigay ni Jelo, pakiramdam niya ay nakasuot

siya ng leotard. Ayaw na ayaw pa naman niyang magsuot ng body fit dahil lalong nahahalata na medyo maliit ang hinaharap niya.

Nakapagpalit na siya ng working clothes ay hindi pa rin dumarating ang decorator. Nagpasya siyang umpisahan na ang trabaho. Itutuloy na lang muna niya ang mga unfinished stuff kahapon. Nakayapak niyang inakyat ang folding ladder para simulang tanggalin ang mga natira sa binakbak na lumang wall cover.

“Hey there, Audrey!” masiglang bati sa kanya ni Cassie. “O, bakit ikaw ang nakaakyat diyan? Nasaan si J. Lo?”

“Hindi pa dumarating, Cassie, baka na-traffic,” tugon niya mula sa itaas ng hagdan.

“Are you sure you’re okay there?” Diskumpiyado siya nitong tiningala.

“Don’t worry, kerilang ’to.” Nag-thumbs up sign siya at ipinagpatuloy na ang trabaho.

Hindi niya maiwasang mainggit sa magkasintahang Jacob at Cassie. Perfect couple, sabi nga ng marami. Parehong good-looking, mabait at may sinasabi sa buhay. Naisip niya na siguro ay perfect din ang lovelife niya kung kasing-yaman siya ng mga ito. Kumirok ang puso niya nang maalala ang dahilan ng war nila ng fiancé na si Arnel ngayon. Nakakalungkot lang isipin na napakababaw na dahilan ng pinag-awayan nila

recently: pera.

Ilang araw nang comatose sa hospital ang Kuya Albert niya dahil sa isang aksidente. Nanganganib itong mamatay anumang oras kung hindi maooperahan at hindi birong halaga ang kakailanganin para maisagawa ang operasyon. Wala namang operate-now-pay-later program ang kahit na aling hospital. She badly needed *easy money* right now.

Sa lalim ng iniisip ay bahagyang nagulat si Audrey nang marinig ang malagom na boses ni Jacob.

“Hello, ladies!” bungad nito.

Sa sulok ng kanyang mga mata ay nakita niya kung paano malambing na sumalubong ang nobya ng binata. Hinagkan nito sa labi ang nobyo. Bakit ba parang naiinggit siya kay Cassie gayong mayroon din naman siyang Arnel?

Katulad ni Cassie ay pinuna rin ni Jacob kung bakit siya ang nasa itaas ng hagdan.

“Kailangan nang matapos ang project, Sir. Lalampas na kami ni Jelo sa time frame,” paliwanag ni Audrey habang abala sa pagpapakinis ng dingding.

“Walang problema sa akin kung mag-overstay man kayo,” nakatingalang sabi ni Jacob habang nakaakbay sa nobya. Matamis ang pagkakangiti nito.

Kapag hindi niya nakikita ang magandang nobya nito ay parang ibig niyang bigyan ng kahulugan ang mga ngiti at tingin na iniuukol ni Jacob sa kanya. Hindi miminsang nahuli niya itong nakatitig sa kanya kaya tuloy lalo siyang nako-conscious.

“At least nadadamay ako sa pagbisita ng girlfriend ko when she’s checking on your working progress.”

Technically kasi ay kay Cassie nga pala sila may kontrata, although opisina ni Jacob ang inaayos nila. Bumaba siya sa hagdan para hagilapin ang scraper sa tool box.

“As if you’re happy to see me hanging around.” Cassie rolled her eyes. “Kaya nga dinadalangan ko ang pagbisita sa ’yo dahil napapansin kong napipilitan ka lang harapin ako kapag dumarating ako,” may hinampong sabi nito.

“Where did you get that idea, lady?” natatawang tanong ni Jacob.

Nang makita niya ang hinahanap na tool ay papanhik na sana siyang muli subalit nahagip ng tingin ni Audrey na nakamata sa kanya si Jacob habang yakap ang nagpapaamong kasintahan. Mula sa kanyang kinatatayuan ay nakatalikod sa kanya si Cassie, nakapatong ang baba nito sa balikat ng kayakap, habang si Jacob ay nakaharap sa kanya.

Dapat ay hindi niya pinapakialaman ang

moment ng dalawa; ang tamang gawin ay ipagpatuloy na lamang niya ang trabaho. Subalit para siyang nabato-balani kay Jacob. Hindi kasi nito inihihiwalay ang paningin sa kanya.

“Of course, gusto kong laging nandito sa opisina ang fiancée ko.” Saka lang siya nilubayan ng tingin ng lalaki nang hawakan ni Cassie ang magkabilang pisngi nito.

“Mere words, Jacob. Why don’t you show me you mean it?” hamon ng babae.

He did. He bowed a little to claim Cassie’s lips. Para pa rin siyang tangang nakatingin sa dalawa. Ipinilig ni Audrey ang ulo para bumalik ang huwisyong tila nahigop ni Jacob. Siguro dapat muna siyang lumabas para mabigyan ng privacy ang dalawa.

Isinuot niya ang flat shoes. Pag-angat ng kanyang mga mata, nagtama muli ang mga paningin nila. Hindi niya alam kung inggit o pagnanasa o selos ang naramdaman niya para sa lalaki habang hinahalikan nito ang nobya.

Mabuti na lang carpeted ang opisina. Maingat niyang tinungo ang rest room bago pa siya mapagbintangang nanonood sa dalawa.



“I believe you now,” ani Cassie na kusa nang pinaglayo ang magkahinang na labi nila. “Bakit parang ang sarap mong humalik ngayon? Parang

may something.”

Natatawang pinisil ni Jacob ang tungki ng ilong ng kasintahan. “Ang mga babae talaga, kahit ano’ng gawin ng mga lalaki, bibigyan pa rin ng negatibong kahulugan mapatunayan lang na tama ang kanilang woman’s instinct.” Lately, nasabi sa kanya ni Cassie na parang hindi sila parehong masaya sa relasyon nila. Although they both know na kaya sila magpapakasal ay alang-alang sa obligasyon sa pamilya, pinipilit pa rin nilang maging makatotohanan at gawing masaya ang relasyon nila.

“Ang sinabi ko *masarap*. Negative ba ’yon?” Nakairap ito. “Oh, wait... Gosh! Na-carried away ako.” Nilingon nito ang hagdan. Nakahinga ito nang maluwag nang hindi makita roon ang isa pang babae. “Mabuti na lang wala si Audrey. Nakalimutan kong may kasama nga pala tayo kanina. Where is she?”

Nagkibit siya ng balikat, kunwa’y hindi alam na nakita niyang pumasok sa rest room ang dalaga. Gusto niyang batukan ang sarili sa nagawang kasalanan kay Cassie. He was thinking of somebody else while kissing her kaya nagawa niya itong halikan nang may matinding pagnanasa.

Hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit sa tuwing may gagawin silang magkasintahan na something intimate ay naaalangan siya. He adored

Cassie as his girlfriend, but he highly doubted if he'd enjoy her as his lover.

May tatlo pang kapatid si Jacob, pero panay babae. May isa pang kapatid na babae si Cassie pero may asawa at mga anak na ito. Kaya nga, sila na lang ang *couple* na inaasahan ng pami-pamilya nila para sa pagsasama ng kanilang negosyo. Kapag nag-merge ang assets ng dalawang pamilya, secured ang bond ng *Amigo Real Brewery* sa susunod na sampung taon kahit maging mas mabuway ang ekonomiya ng bansa.

"I better go, Jacob." Nakipagbeso sa kanya si Cassie. "Mag-o-orient pa ako ng mga bago kong empleyado." May sariling travel agency ang nobya na personal nitong pinamamahalaan. "So far, okay naman sa akin ang trabaho nina Jelo at Audrey. Pero kung nag-aapura kang matapos kaagad, I can request additional manpower. Sabihin mo lang. 'Bye."

"Bye. Ingat." Inihatid niya ito hanggang sa elevator area. Pagbalik niya sa opisina ay balik-trabaho na rin si Audrey. Hindi siya nag-aapurang matapos ang proyektong ito. Mas pabor pa nga sa kanya kung aabutin nang matagal bago iyon matapos.

Maingat siyang lumapit sa kinaroroonan ng babae. Mukhang hindi nito namalayan ang paglapit niya. May nakalagay na earphones sa magkabilang

tainga ng dalaga habang abala ito sa pagsukat sa pagkakabit ng curtain hook.

Napansin niyang nakayapak si Audrey. His wicked eyes traveled from her bare feet to her gorgeous pair of legs.

Flawless, he thought. Bagaman may suot na pedal ay humakab naman ang hugis ng hita nito. *Not as skinny as I thought. Just enough flesh to provoke a man's imagination.*

Mayamaya ay nahulog ang ginagamit nitong marker. Anyong bababa ito pero nagulat nang makita siya sa paanan ng hagdan.

“Sir! Kanina ka pa d’yan?” Inalis nito ang earphone sa isang tainga.

“Ngayon lang. Huwag ka nang bumaba.” Pinulot ni Jacob ang nahulog na bagay at iniabot dito. “Careful...”

